

## Programa ng Tagapagkaloob ng Serbisyong Pagtulong sa loob ng Tahanan

# KASUNDUANG PAGPAPATALA SA MGA TAGA PAG-ALAGA

NUMERO NG KASO NG TAGABIGAY  
SERBISYO :

PANGALAN NG TAGABIGAY SERBISYO (UNA , GITNA , HULI)

1. Ako ay nakadalo sa mga kinakailangang oryentasyon para sa mga Taga pag-alaga ng IHSS at nauunawaan ko at sumasang-ayon sa mga sumusunod :
  - Nabigyan ako ng impormasyon tungkol sa pagiging isang Taga pag-alaga sa programa ng IHSS.
  - Nabigyan ako ng kaalaman sa aking mga responsibilidad bilang isang Taga pag-alaga sa IHSS.
  - Nabigyan ako ng kaalaman tungkol sa mga kahihinatnan ng paggawa ng pandaraya sa programa ng IHSS.
  - Nabigyan ako ng numero ng telepono ng Medi-Cal hotline 1-800-822-6222 at web site, <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx> para sa pag-uulat ng mga pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa programa ng IHSS.
2. Nauunawaan ko ang mga sumusunod:
  - Ang oras na trinabaho ko lamang ang maari kong isulat sa aking timesheet at ito ay awtorisadong serbisyo para sa recipient.
  - Sa pamamagitan ng pagpirma ko ng timesheet ay ang pagpapatunay na tama at wasto ang mga oras na inilagay ko.
  - Kailangan kong isumite ang tama at wastong oras sa timesheet na may pirma ng recipient at ako, sa loob ng dalawang(2) linggo at pagkatapos ay ihulog sa huling linggo para mabayaran. Kailangan matanggap ito ng **Timesheet Processing Facility** sa loob ng sampung (10) araw para hindi maantala ang pagbayad.
  - Nauunawaan ko na kung ako ay mapatunayan na mandaya sa pag uulat ng impormasyon sa aking timesheet, bilang karagdagan sa anumang kriminal na parusa, ako ay maaaring kailanganing magbayad ng multa sibil na hindi bababa sa \$500, at hindi hihigit pa sa \$1000, para sa bawat paglabag ng pandaraya.
3. Nakatanggap ako ng impormasyon tungkol sa pinakamataas na lingguhang oras at ang karagdagang oras ng paglalakbay. Ang impormasyong ito at pagsasanay kasama ang mga sumusunod na paksa:

## Bayad sa Obertaym

Simula Pebrero 1, 2016, ang Taga pag-alaga ng IHSS ay mababayaran ng obertaym (isa at kalahating beses ng regular na rate ng bayad) at ito ay magagawa lamang kapag ikaw ay nakapagtrabaho nang higit sa apat-na – pu(40) oras sa isang linggo ng trabaho. Ang lingguhan trabaho ay nagsisimula sa 12:00 AM (hatinggabi) ng Linggo at nagtatapos sa 11:59 PM sa susunod na Sabado.

## Ano ang kahulugan ng Recipient “Authorized Weekly Hours”?

Ang recipient ay may awtorisadong lingguhang oras at sa kabuuan ng isang buwan ay hahatihin sa apat(4) na bahagi. Halimbawa, kung ang recipient ay tumatanggap ng awtorisadong 125 oras ng serbisyo kada buwan  $125 \times 4 = 31$  oras at 15 minutos ang lingguhang oras.

### Pinakamataas na Lingguhang Oras ng Trabaho

Ang pinakamataas na lingguhang oras ay isang alituntunin para makamtan ang pinakamataas na oras ng pagtatrabaho sa lingguhan at para maisaayos ng recipient ang oras ng serbisyo sa loob ng isang buwan na kanyang matatanggap

- Kung ako ay nagtatrabaho sa iisang recipient ng IHSS, ang pinaka mataas na oras na pwede kong trabahuhin ay iyon lamang awtorisado kada buwan na hinati sa apat(4) na bahagi. Gayunman, at dahil ang isang buwan ay may mahabang araw kaysa ibang linggo, ako ay makikipagtulungan sa aking recipient para masiguro na siya ay may sapat na oras ng serbisyo sa katapusan ng buwan.

Halimbawa: mayroong 31 araw sa buwan ng Disyembre. Kung isa lamang ang aking recipient at ito ay tumatanggap ng 100 awtorisadong buwanang oras, ang pinakamataas na lingguhang oras ay 25(100 buwanan na hinati sa apat na bahagi), gayunman dahil ang Disyembre ay may apat(4) at kalahating Linggo, ang aking recipient ay magdedesisyon kung ilang oras ang pwedeng ibawas kada Linggo ng serbisyo para may matira sa huling Linggo ng buwan. Ang aking recipient ay maaaring, halimbawa, magbigay ng iskedyul sa akin para magtrabaho ng 22 oras sa 4 na linggo ng Disyembre, at iyon ay may balanse ng 12 awtorisadong oras ng serbisyo sa mga huling araw ng buwan ( $22 \times 4 = 88$  oras;  $88$  oras +  $12$  oras =  $100$  oras)

- Kung ako ay nagtatrabaho sa isang recipient lamang at siya ay may isa o higit pa na Taga pag-alaga, ang aking recipient ay kailangan gumawa ng iskedyul para san akin at sa iba pa niyang mga Taga pag-alaga para malaman kung ilang oras ang pwedeng ibigay na serbisyo. Ang recipient ay pwedeng hatiin ang kabuuang awtorisadong oras sa kanyang Taga pag-alaga sa nararapat.
- At Kung nagtrabaho ako sa higit pa sa isang recipient(s), ang pinagsamang oras na puwedeng trabahuhin sa lahat ng aking mga recipient(s) ay hindi maaaring lumampas sa higit pa sa animnapu't

anim(66) na oras. **Ang bawat isa sa aking mga recipient(s) ay kailangan gumawa ng iskedyl ng aking pagtatrabaho para malaman kung ilang oras ang pwede kong trabahuhin sa bawat isa at hindi lalagpas sa animnapu't-anim (66) oras kada lingguhan.**

### **Pagpapalit ng Oras/Trabaho kada Linggo: Ang mga DAPAT at HINDI DAPAT gawin ng Recipient**

#### **Pagpapalit ng Oras**

- Kung ang aking recipient ay may higit pa sa isang Taga pag-alaga, pwede kong ipagpalit ang aking mga oras sa ibang Taga pag-alaga sa isang lingguhan para masiguro na ang recipient ay makatanggap ng sapat na serbisyo sa buong Linggo. Ang ibig sabihin ay, ang ibang Taga pag-alaga ay pwedeng itrabaho ang aking oras at ako ay gayundin sa isang partikular na Linggo. Hanggat masiguro na walang makapagtatrabaho ng higit pa sa awtorisadong oras ng recipient, at ito ay hind maging sanhi ng paglabag kahit na ang isang Taga pag-alaga ay nagtatrabaho ng obertaym at ako ay hindi (maliban sa linggong ito na ako ay makakatanggap ng obertaym)

#### **Kung ako ay masabihan na magtrabaho ng higit pa sa pinakamataas na lingguhang oras**

- Kung ako ay nagtatrabaho ng higit pa sa isang recipient, ang aking mga recipient(s) ay hindi maaring tumanggap ng serbisyo ng Taga pag-alaga ng higit pa sa animnapu't anim(66) oras na lingguhan. Kailangan niyang kumuha ng ibang Taga pag-alaga para makatanggap ng sapat na serbisyo para sa karagdagang oras.
- Kung ako ay nagtatrabaho sa isang recipient lamang, ang aking recipient ay pwedeng magtalaga sa akin na magtrabaho ng higit pa sa pinakamataas na lingguhang oras. At kung gayon, kailangan kong mabalanse ang mga karagdagang oras sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng mas mababang oras sa ibang Linggo ng buwan para maiwasan ang lumampas sa oras na awtorisado ang recipient.

#### **Pagtrabaho ng mas higit pa sa lingguhang mga oras ng iyong Recipient**

- Ang recipient ay maaaring pahintulutan akong magtrabaho na mas higit pa kaysa sa kanyang lingguhang oras nang hindi humihiling sa county ng pag apruba hangga't hindi ito maging sanhi ng aking Taga pag-alaga na magtrabaho na:
  - Higit pa sa apat-na-pu (40) oras sa isang linggo ng trabaho; at
  - Madaming obertaym na oras kaysa normal, base sa kabuuang obertaym na tinrabaho ko sa lahat ng aking mga recipient(s).

Kung ang aking recipient ay ma apruba ng county, maari niya akong pahintulutan na magtrabaho ng higit pa sa lingguhang awtorisadong oras kahit na hindi matugunan ang pamantayan. Ang aking recipient ay maaring humiling ng pag apruba ng county alinman sa bago o pagkatapos gumana ng dagdag na oras.

### **Limitasyon sa oras ng Paglalakbay**

- Simula Pebrero 1, 2016, ang pinakamataas na halaga ng oras na ako ay pinapayagan upang maglakbay sa panahon ng linggo ng trabaho ay pitong (7) oras. Ang oras ng paglalakbay ay nangangahulugan na ang gastusin sa oras ko ay parehong araw ng trabaho at naglalakbay nang direkta mula sa isang lokasyon kung saan ako magbigay ng awtorisadong serbisyo para sa isang recipient sa isa pang lokasyon kung saan ako magbigay ng awtorisadong serbisyo para sa ibang recipient(s).
- Ang oras ng paglalakbay ay hindi kabilang sa pinakamataas na lingguhang oras na aking tinatanggap sa lingguhang serbisyo ng trabaho
- Ang oras ng paglalakbay na mangyayari pagkatapos kong magtrabaho ng apat-na-pu(40) oras sa isang lingguhang trabaho ay babayaran ng obertaym (isa at kalahati).

### **Mga Paglabag para sa Paglampas ng lingguhang trabaho at limitasyon sa Paglampas ng oras sa Paglalakbay**

- Simula Mayo 1, 2016, kung ako ay magsusumite ng timesheet at lumampas sa mga limitasyon ng linggo ng trabaho o paglalakbay ng oras sa pag-uulat, ako ay makakakuha ng isang paglabag.
- Sa tuwing gagawin ko alinman sa mga sumusunod ay makakakuha ako ng paglabag:
  - Nagtrabaho ako nang higit sa apat-na-pu (40) oras sa isang linggo ng trabaho para sa isang recipient nang hindi na-apruba ng county (kapag ang recipient ay may awtorisadong oras lang ng apat-na-pu(40)oras o mas mababa); o
  - Nagtrabaho ako ng mas madaming oras ng higit pa sa awtorisadong oras na tinatanggap ng recipient na hindi inapruba ng county, at dahil dito ako ay nakapag trabaho ng obertaym sa isang buwan na normal kung gawain; o
  - Nagtatrabaho ako sa maramihang recipient(s) at ako ay nagtatrabaho ng higit sa anim-na-pu't anim (66)oras sa lingguhang trabaho
  - O, ang aking oras ng paglalakbay ay higit pa sa pitong(7) oras sa linggo ng trabaho
- Kung ako ay makakakuha ng higit pa sa isang paglabag sa isang buong buwan, ito ay mabibilang lang na isang paglabag sa kabuuan ng isang buwan.

Sa bawat paglabag na matatanggap, mayroon itong kahihinatnan:

#### Unang Paglabag:

- Ako at ang aking recipient ay makakatanggap ng sulat ng babala at may kalakip na impormasyong karapatan sa apela.

Ikalawang Paglabag:

- Ako at ang aking recipient ay makakatanggap ng pangalawang sulat ng babala na may kalakip na impormasyong karapatan sa apela, at ako ay may tsansang pumiling magsanay at kumpletuhin ang buong pagsasanay tungkol sa mga limitasyon ng linggo ng trabaho at oras ng paglalakbay. Kapag ito ang napili kong gawin at ito ay makumpleto, maiwasan ko ang magkaroon ng pangalawang paglabag. Gayunman, kung ito ay hindi ko makumpleto sa loob ng labing-apat(14) na araw sa petsa ng paunawa, ako ay makakakuha ng pangalawang paglabag.

Ikatlong Paglabag:

- Ako at ang aking recipient ay makakatanggap ng paunawa ng ikatlong paglabag na may kalakip na impormasyong karapatan sa apela. Ako ay masususpinde bilang Taga pag-alaga ng IHSS ng tatlong(3) buwan.

Ika-apat na Paglabag

- Ako at ang aking recipient ay makakatanggap ng paunawa ng ika-apat na paglabag na may kalakip na impormasyong karapatan sa apela. Ako ay mahihinto bilang isang Taga pag-alaga ng isang(1) taon.

- Sa sandaling nakatanggap ako ng paglabag, ito ay mananatili sa aking talaan. Gayunpaman, pagkatapos ng isang taon, at kung ako ay hindi tumanggap ng karagdagang paglabag, ang bilang ng aking paglabag ay mababawasan ng isa. Hangga't ako ay hindi nakakatanggap ng dagdag na mga paglabag, sa bawat taon pagkatapos ng huling paglabag, ang numero ng aking paglabag ay mabawasan ng isa.
- Kung nakatanggap ako ng pang apat na paglabag at nahinto bilang isang Taga pag-alaga ng isang taon, pagkaraan ng isang taon at ako ay magprisinta ulit bilang isang Taga pag-alaga, ang bilang ng aking mga paglabag ay mawawala.
- Kung nahinto ako bilang isang Taga pag-alaga dahil nakakakuha ako ng maraming paglabag, kapag natapos ang isang taon ng pagkahinto, dapat kung makumpleto muli ang lahat ng kinakailangan sa pagpapatala bilang isang Taga pag-alaga, kabilang ang pagsisiyasat ng kriminal na background, oryentasyon bilang Taga pag-alaga, at pagkumpleto ng lahat ng kinakailangang mga kasulatan, bago maibalik bilang Taga pag-alaga.

4. Nauunawaan ko na kinakailangan kong makumpleto ang Pagtatrabaho at Pagpapatunay ng Pagiging Karapat-dapat (Form I-9), isang form na pinananatilihin sa file ng recipient, na ipinapahayag na mayroon akong legal na karapatang magtrabaho sa Estados Unidos.
5. Nauunawaan ko na mayroon akong opsyon na magsumite bilang isang empleyado ng Withholding Allowance Certification (Form W-4) upang humiling ng pederal withholding buwis sa kita o California Employee's Withholding Allowance Certification (Form DE 4) upang humiling ng withholding buwis sa kita

---

ng estado mula sa aking sahod. Nauunawaan ko na kung hindi ko isumite ang Form W-4 at / o DE 4, walang pederal o estado sa buwis ay ipagkakait sa aking sahod.

6. Nauunawaan ko na ang awtorisadong serbisyo ng IHSS ay hindi maaaring isagawa kapag ang recipient ay wala sa kanyang sariling tahanan maliban kung ito ay tumanggap ng pag-apruba mula sa kanyang Social Worker para sa mga naturang serbisyo.
7. Nauunawaan ko na sa hinaharap na ako ay makatatanggap mula sa IHSS ng abiso ng programa para sa Tagatanggap ng awtorisadong oras(Program Notification of Recipient Authorized Hours) at Pinakamataas na Lingguhang Oras(maximum weekly hours-SOC 2271) na nakasaad ang mga pangalan ng recipient at ang mga serbisyo na kailangan kong isagawa.
8. Ako ay makikipagtulungan sa mga tauhan ng estado o county na magbigay ng hiling na impormasyon na may kaugnayan sa pagsusuri ng kaso ng isang recipient ng IHSS.

**NAUUNAWAAN KO ANG MGA PANUNTUNAN NA IPINALIWANAG SA AKIN SA ORYENTASYON AT ANG MGA IMPORMASYON NA NABIGAY SA AKIN NG COUNTY SA OPISINA NG IHSS. TINATANGGAP KO ANG PANAGUTAN NA SUNDIN ANG MGA IMPORMASYON IBINIGAY NG COUNTY. NAUUNAWAAN KO NA ANG PAGKABIGONG HINDI PAG SUNOD SA KINAKAILANGAN NA IBINIGAY SA AKIN AY MAARING MAGRESULTA ITO SA PAGTANGGAL BILANG ISANG TAGAPAGALAGA.**

---

Lagda ng Taga pag-alaga ng IHSS

Petsa